Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING SIYAM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-21 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
9. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
2. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 83-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Camaclang na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA RHINELAND REALTY & DEVELOPMENT CORPORATION NA MAKAPAGTAYO NG GUSALING KATAYAN NG HAYOP (SLAUGHTERHOUSE) SA SANTA ROSA COMMERCIAL COMPLEX.

SAPAGKA'T, patuloy na lumalaki ang populasyon ng bayan ng Santa Rosa at hindi na kakayanin ng pangkasalukuyang katayan sa pamilihang bayan ang makatugon sa pangangailangan ng mamamayan sa pagkaing karne ng hayop;

SAPAGKA'T, tinitiyak ng humihiling na ang itatayong gusaling alinsunod sa itinatadhana ng National Meat Inspection Commission;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa pagbibigay pahintulot sa Rhineland Realty & Development Corporation na makapagtayo ng gusaling katayan ng hayop (slaughterhouse) sa Santa Rosa Commercial Complex.

06-02-97

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASIYA PA RIN, na masigurong bago magamit ang katayan ay nakatugon ang humihiling sa lahat ng tadhanain ng lahat ng kinauukulang pangnasyonal na ahensiya tulad ng LLDA, DENR at iba pang dito ay mayroong superbisyon.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-19 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-21 ng Mayo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim